
LEVEL 2

# Leveled Reader

in Filipino

# Ang Munting Rhino at ang Kaniyang Bisikleta




Isinulat at iginuhit ni Choeurn Bros

Sinuri ni Neriza C. Pesigan



Tuwing umaga, maagang gumigising ang Munting Rhino para maglakad papuntang paaralan.



Dahil sa kaniyang maiiksing binti, hindi maaaring sumakay ng bisikleta ang Munting Rhino tulad ng kaniyang mga kaibigan. Kailangan niyang maglakad papuntang paaralan mag-isa.



Palaging huli ang Munting Rhino.



Isang araw, sa oras ng *recess*, napansin ni Zebra na malungkot ang Munting Rhino.



“Ano ang problema?” tanong ni Zebra.

“Gusto kong sumakay ng bisikleta patungo sa paaralan ngunit masyadong maikli ang aking mga binti.”



Iminungkahi ni Zebra na magtulungan silang magkakaibigan upang makahanap ng solusyon.




Una, tiningnan nila ang lahat ng mga bisikleta na sinasakyan sa paaralan.




“Baka maabot ng mga paa mo ang mga pedal sa maliit na bisikleta ni Pato?” mungkahi ni Zebra.

“Magandang ideya!” sabi ni Pato.

Ngunit tumingin ang munting Rhino sa bisikleta ni Pato at umiling. “Masyadong maliit, baka masira ko ito.”



Sumunod namang nagmungkahi si Unggoy. “Ano kaya kung iyong bisikleta ni Tagak ang subukan mo? Magkasingtangkad kayong dalawa.”



“Mahusay na ideya!” sagot ni Tagak. “Ngunit dapat mong subukang ibaba muna ang upuan.”

Sumang-ayon ang Munting Rhino na subukan ito.



Ibinaba ng Munting Rhino ang upuan. Pero, masyadong mataas ang mga hawakan! Ibinaba rin niya ang mga hawakan. Ngunit hindi pa rin niya maabot ang mga pedal.



Nakakuha ng isa pang ideya ang Munting Rhino.

“Kung sobrang baba pa ng pedal, paano kung itaas natin? Tutulungan niyo ba ako?” tanong ng Munting Rhino sa kaniyang mga kaibigan.

“Magandang ideya!” sagot nilang lahat.



Pagkatapos pag-aralan ang bisikleta ni Tagak, nagtulungan ang Munting Rhino at kaniyang mga kaibigan sa paggawa ng bagong bisikleta na tama para sa kaniya.






Sinigurado nilang tama ang upuan, manibela, at mga pedal. Sa wakas, may bisikleta na ang Munting Rhino na angkop na angkop sa kaniya!



Nang sumunod na araw, masaya niyang ginamit ang kaniyang bagong bisikleta papasok ng paaralan.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI INTERNATIONAL

The Asia Foundation